

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Programang Isang Milyong Punong-kahoy: 50,000 bagong mga punong-kahoy itanim sa buong Brampton sa 2020

BRAMPTON, ON (Pebrero 19, 2020) – Sa araw na ito, ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ay nagpanukala ng pagtanim ng 50,000 bagong mga punong-kahoy sa buong lungsod araw-araw, bilang bahagi ng Programang Isang Milyong Punong-kahoy. Ito ay isa na namang malaking hakbang sa pagharap sa panganib ng pagbabago ng klima.

Sa 2019, magkaisang bumuto ang Konseho na ideklara ang emergency sa pagbabago ng klima, habang nilalayong bawasan ang mga greenhouse gas emission na nalikha ng lungsod ng 80 porsyento bago lumipas ang 2050.

Sa loob ng nakalipas na limang taon, ang Lungsod at mga partner nito – kabilang ang mga awtoridad sa konserbasyon, ang Rehiyon ng Peel, ang mga school board at ang mga industriya ng pagpapaunlad – ay nagtanim, sa average, ng 43,000 punong-kahoy bawat taon sa Brampton. Sa dagdag na pinaka-mababa 7,000 punong-kahoy na naitanim taon-taon, ang Lungsod ay mas malapit ng isang hakbang sa pagtupad ng Brampton 2040 Vision at inaabot ang target na isang milyong punong-kahoy bago lumipas ang 2040.

Ang mga punong-kahoy ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagpapababa at pag-adapt sa pagbabago ng klima, pagpapalaki ng kagubatan sa lungsod at mas pagpapaganda sa mga espasyo, at pagsuporta sa pampublikong kalusugan. Ang Programang Isang Milyong Punong-kahoy ay magtanim ng mas maraming mga punong-kahoy, partikular na sa mga may-daan, mga pampublikong parke, at iba pang mga lupain na pag-aari ng Lungsod na nasa residensyal na mga kalapitbahayan at komersyal/industriyal na mga lupain, para mas mapahusay ang green canopy at itaguyod ang paghahatid ng mga serbisyong ecosystem.

Committed ang Lungsod sa pagiging sustainable at ang mga pagsisikap na ito ay nakakaambag sa isang Green City, isang prayoridad sa Alituntunin ng Konseho.

Pira-pirasong Impormasyon:

- Sa kasalukuyan ang Brampton ay may tinatayang 3.6 milyong punong-kahoy, na 18 porsyento ng kabuuang uri ng lupain.
- Ang Programang Isang Milyong Punong-kahoy ay tumutuon sa pagkuha ng mga bagong punong-kahoy sa lupa. Para makamit ang isang milyong punong-kahoy bago lumipas ang 2040, kailangang itanim ang karagdagang 7,000 punong-kahoy kada taon.

- Ang mga direksyon kaugnay ng pag-inventory, operations, maintenance, at pagmonitor sa kagubatan sa lungsod ay tatalakayin sa *Urban Forest Management Plan* ng Lungsod na kasalukuyang dine-develop.

Mga Quote

“Ito ay iba na namang kapana-panabik na hakbang papunta sa pagpapa-Green City ng Brampton at ginagawa ng Lungsod ang parte nito para harapin ang hamon sa pagbabago ng klima. Bilang isang Miyembro ng Global Covenant of Mayors for Climate and Energy, inaasahan ko na makita itong matapang at nakakahamong estratehiya na matupad sa taong ito at mas marami pang mga nakakabuti sa kapaligiran na mga inisyatibang darating”
– *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang ating layunin na bawasan ang greenhouse gas emissions sa Brampton nang 80 porsyento bago lumipas ang 2050 ay nakakahamon, ngunit makakamit natin kasama ang ating mga partner ng komunidad at mga inisyatiba tulad ng Programang Isang Milyong Punongkahoy.”
- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal Wards 1&5 at Chair, Public Works at Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay may kamangha-manghang mga green space at ang Programang Isang Milyong Punongkahoy ay isang kapana-panabik na inisyatiba na sa pamamagitan ng pakikipagtulungan, ay makakatulong sa ating dedikadong mga kawani para patuloy na pasulungin ang prayoridad ng Konseho sa pagiging Green City at lumikha ng mas maraming saklaw na punongkahoy para mag-enjoy ang ating mga residente.”
– *David Barrick, Punong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca

